REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO
BAYAN NG GLORIA

(02)

DEPARTMENT OF ENVIRONMENT & NATURAL RESOURCES
RECORDS MANAGEMENT DIVISION
RECEIVED
FEB 13 2023
Sign: [signature] Time: 11:40

ENERO 12, 2023

SEC. ANTONIA YULO LOYZAGA
KALIHIM NG DENR

MADAM,

Ako po si JOSEPH SAWAY, may sapat na gulang, may asawa at naninirahan sa Barangay Malamig Gloria Or. Mindoro.

Ako po at ang aking mga kapamilya ay may pinoposisyunang lupa sa Barangay ding ito. Ang totoo po ay DITO NA NAMATAY ang aming mga lolo at lola maging ang aming ama at ina. Sakop po ng Barangay Mirayan.

Noon pa po ay iniaaply na ito ng aming mga magulang at ang isang parcela ay naipangalan sa aming ina. Ang tatlo(3)pong parcela ay patuloy naming pinoposisyunan hangang ngayon.

Noong Abril 6, 2021 ay nagpunta ako sa CENRO Pasi Socorro Or. Mindoro upang ipabisita ito subalit hindi nabisita (kalakip ang sipi) Ito po ay makailang ulit ko nang pinuntahan.

Noon pong Disyembre 2022 ay may mga dumating na tao kasama si RODEL MONTEALEGRE upang sukatin daw ang lupang ito. Kasama po si Liwanag Sario na siya daw ang nagpapasukat. Kami po ang may ari ng mga itinanim dito. Sinabi pa po ni RODEL MONTEALEGRE sa akin na ang mas may karapatan ay ang nakasulat sa Kadastral Map. Kung babasahin po ang batas (CA 141) ay ang nakaposisyon ang higit na may karapatan lalo pa at hindi natapos ang pagpapatitulo ng claimant ayon sa itinadhanang panahon (120 days)

Ang pinoposisyunan po namin ay lot 928 Cad equivalent to lot 856 pls 84, lot 927 at lot 923 ayon sa Cadastral. Apat (4) po kaming magkakapatid at dalawangpu't isa (21) ang aming mga anak na nasa edad na.

Nakikiusap po ako at Dumadalangin na mabigyang pansin ang aming hinaing at pakiusap. Ito po ay napaka WALANG KATARUNGAN sa aming pamilya na halos isang daang taon (100) na na posisyon at kami na din ang nagtanim na puno ng tanim (kalakip ang Certification ng Barangay).

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
FEB 13 2023
☐ INCOMING ☐ OUTGOING ____
BY: ____ DATS NO. ____
TIME:

Lubos na Gumagalang,

[signature]
JOSEPH H. SAWAY.

Binigyan ng sipi: DENR SECRETARY
Regional Director Mimaropa
PENRO - Calapan City Or. Mdo
CENRO - Roxas Or. Mindoro

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Oriental Mindoro
Bayan ng Gloria
**BARANGAY MIRAYAN**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY


***BARANGAY CAPTAIN***

*Hon. Ronilo R. Pabloreña*

***BARANGAY COUNCILORS:***

*Arnel S. Cay*
*Wenifredo H. Malapote*
*Rommel S. Rey*
*Pablo C. Rabano*
*Marciano M. Regencia*
*Ignacio R. Cay*
*Teresita A. Dimaala*

***SK-CHAIRMAN***
*Reymark R. Cay*

***BARANGAY TREASURER***
*Aiza Mia C. Ilao*

***BARANGAY SECRETARY***
*Mary Grace D. De Guzman*


## PAGPAPATUNAY

Pinatutunayan ng tanggapang ito na si **G. JOSEPH HALAMANAN SAWAY** kasalukuyang naninirahan sa ***Barangay Mirayan, Gloria, Oriental Mindoro*** ay may lupang posisyon na may na kabuoang sukat na humigit kumulang sa 8 hektarya na may tanim na humigit kumulang 2 hektaryang niyugan at mga punong garmelina, mahogany, lansones, langka na mayroon ding humigit kumulang na 2 hekterya at kalahating hektaryang sagingan na matatagpuan sa Sitio Buhuan Barangay Mirayan, Gloria, Oriental Mindoro.

Ang pagpapatunay na ito ay ipinagkaloob upang magamit sa anumang legal na kapamaraanan.

Ipinagkaloob ngayong ika-***10*** ng ***Oktubre, 2022*** dito sa tanggapan ng Punong Barangay.

**RONILO R. PABLOREÑA**
Punong Barangay
CP #09653952317

Comm . Tax #: ____________________
Issued at: ________________________
OR #: **2906093A**
Date: **11-16-2022**

APRIL 6, 2021

For, Anastacio A. Santos

OIC - Cenro Officer

Cenro Socorro


Pasi, Socoro Or. Mindoro

Sir.


Ako po ay bumabati ng maligayang araw sa inyo
Ako po si Joseph Saway ay Humihiling na
Mabisita ang aking inaakupahang lupa. Sa Mirayan
Gloria Or. Mindoro. Ang lupa pong ito ay aking
hinihiling na mapatitolohan sa pamamagitan
ng inyong tanggapan. Umaasa po ako sa inyong
Katugunan. Maraming Salamat po:


Lubos po Akong Umaasa
sa inyong Katugunan
Joseph Saway
09565101231

DENR - CENRO
PASI, SOCORRO ORIENTAL MINDORO
DOC. #
RECEIVED | RELEASED
DATE 4/6/2021 | DATE:
TIME: | TIME:



Cad-631-D, GLORI
BARANGAY ROAD
BARANGAY

2




525
SV Csd-04-025861
BARANGAY ROAD (3.00 METERS WIDE)
APPROVED: JULY 18, 1985
REGION IV
"030921-17"

(3)




4